

Badyet 2023: Pagtiyak sa kinabukasan ng mga bata

Peb. 28, 2023

Ang Badyet 2023 ay gumagawa ng mga makasaysayang pamumuhunan sa edukasyon upang tumugma sa dumaraming pagpapatala sa mga paaralan, matugunan ang mga pangangailangan ng magkakaibang mga mag-aaral, at mapataas ang kakayahang magbayad.

Tataasan ng Budget 2023 ang operating budget para sa ministeryo ng Edukasyon ng halos \$2 bilyon sa susunod na tatlong taon. Susuportahan nito ang pagkuha ng hanggang 3,000 kawani ng edukasyon, kabilang ang mga guro, mga katulong sa edukasyon, driver ng bus at kawani ng suporta sa paaralan.

Sa school year 2023-24, gagastos ang Alberta ng humigit-kumulang \$8.8 bilyon sa edukasyon para sa mga estudyante sa Kindergarten hanggang Grade 12, katumbas ng \$44 milyon para sa bawat araw ng pasukan. Ang pagpopondo para sa paglago ng pagpapatala ay \$820 milyon sa loob ng tatlong taon.

"Ang pamumuhunan na ito ay tumutugon sa tumataas na pagpapatala, tumutulong na matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral at tumutulong sa mga paaralan na labanan ang inflation," sabi ni Adriana LaGrange, ang Ministro ng Edukasyon ng Pamahalaan ng Alberta.

Ang pagkuha ng mas maraming guro at aide ay makakatulong sa pagbawas ng laki ng klase.

Kasama sa Badyet 2023 ang halos \$1.5 bilyon sa pagpopondo ng Suporta sa Pag-aaral para sa mga pinaka-mahina na estudyante ng Alberta. Kabilang dito ang Ingles bilang Pangalawang Wika at tulong para sa mga estudyanteng refugee at mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan.

Related information

[Alberta.ca/Budget](https://alberta.ca/Budget)

Mga katanungan sa media

Charlotte Taillon
charlotte.taillon@gov.ab.ca
780-932-5381
Kaliham ng Press, Treasury Board
at Pananalapi



Pabatid **Balita**

"Ang ating mga anak ay ang ating kinabukasan at tinitiyak ng Badyet 2023 na ang bawat bata ay sinusupportahan sa silid-aralan," sabi ni Travis Toews, ang Ministro ng Pananalapi ng Pamahalaan ng Alberta

Makakatanggap din ang mga awtoridad ng paaralan ng \$414 milyon sa loob ng tatlong taon upang mabigyan ang mas maraming estudyante ng transportasyong paaralan na pinondohan ng probinsya.